THE **ABCDE**'S OF **BUYING** HEALTH PRODUCTS

Access the website.
Buy only **FDA-registered, notified** health products.

Be informed.
Do your **research** on the product.

Check the label.
Read the product label well.

Discontinue use in case of adverse events.
If you suspect that the product has caused you a reaction, **seek the advice** of a healthcare professional.

E-Report
Report any adverse reaction to FDA.

Be a well-informed consumer.
Make it a habit to visit the FDA website at:

FDA
Food and Drug Administration
PHILIPPINES

www.fda.gov.ph

FDA.GOV.PH

Republic of the Philippines
Department of Health
FOOD AND DRUG ADMINISTRATION

FDA ADVISORY
No. 2017-324-A

PARA: **LAHAT NG MAMIMILI**

PAKSA: **Mga Paalala sa Publiko Ngayong Panahon ng Pasko**

Pinapaalalahanan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko na maging maingat at mapagmasid sa pamimili ng pagkain, laruan, at produktong kosmetiko. Laganap ang mga mapagsamantalang nagbebenta ng mga hindi ligtas na pagkain, laruan at produktong kosmetiko na maaaring mabili ng publiko. Pinapayuhan ng FDA ang lahat na sundin ang mga sumusunod na *tips* sa pamimili ng pagkain, laruan at produktong kosmetiko ngayong kapaskuhan:

1. Bumili ng mga produktong rehistrado sa FDA.
   Maaring makita ang listahan ng mga rehistradong produkto sa opisyal na *website* ng FDA (www.fda.gov.ph). I-type lamang ang pangalan ng produkto na makikita sa *label* nito.

2. Bumili lamang sa mga pamilihang lisensyado ng FDA.
   Ang publiko ay higit na pinapayuhang huwag mamili sa mga lugar na kahina-hinala. Ang mga hindi rehistradong *food products* at *unnotified* na mga laruan at produktong kosmetiko ay maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan.

   Para sa mga pagkain, i-check ang lugar kung saan ibinibenta ang mga ito. Ang mga pagkan ay dapat ibinibenta sa malinis na kondisyon. Ang mga *frozen* at *refrigerated* na produkto ay kailangang manatiling *frozen* o nakalagay sa *refrigerator.* Walang anumang peste tulad ng daga o insekto ang dapat makita sa lugar kung saan ibinebenta ang mga produkto.

3. Basahin ang label.
   Ang *product label* ay ang paraan upang malaman ang tamang impormasyon tungkol sa isang produkto gaya ng katangian, kalidad, at dami nito. Ito ang nagsisilbing gabay sa pamimili at paggamit ng isang produkto. Para sa pagkain, ugaliing basahin ang listahan ng mga sangkap o *ingredient list* para malaman kung ikaw ay *allergic* sa isa sa mga *ingredients* nito. At sa mga laruan at produktong kosmetiko, basahin muna ang *instructions* kung paano ito gamitin para makaiwas sa aksidente o ano mang kapahamakan.

   Ang mga *label* ay hindi dapat pinalitan (e.g. ginupit ang detalye ng *label*, dinikitan ng bagong *expiration date*, tinanggalan ng impormasyon). Ano mang pagkukulang sa impormasyon o pagpalit sa *label* ay nagsisilbing babala sa lahat sa pagpili ng bibilhing produkto.

   Ang mga sumusunod na impormasyon ay kinakailangan na nakalimbag sa label ayon sa mga alituntunin ng FDA:

Para sa mga *processed food products*	Para sa mga laruan at iba pang *childcare articles*	Para sa mga *cosmetic products*
• *Brand name* at *Product name* • *Net content/weight* • Listahan ng mga sangkap o *List of Ingredients* • Pangalan ng *manufacturer/repacker/ distributor/importer* • *Expiry or expiration date/consume-before-date/use-by-date* • *Lot identification code* • *Nutrition Information* • *Storage condition* (e.g. para sa mga produkto na nangangailangan ng espesyal na *storage condition* bukod sa *normal room temperature*) • *Food Allergen information* (e.g. *nuts, milk, crustaceans*, atbp.) • *Directions for Use* (kung kinakailangan)	• *SKU / Model / Item number of the product* • *Warnings / Cautionary Statements* • Pangalan at address ng lokal na kompanyang responsable sa paglalagay ng produkto sa merkado • *License to Operate number* ng lokal na kompanyang responsable sa paglalagay ng produkto sa merkado • *Age grading*	• *Brand* at *product name* at gamit nito • *Net content* • *Instructions for use* • *Full ingredient list* • *Special precautions*, kung mayroon man • Pangalan at address ng lokal na kompanyang responsable sa paglalagay ng produkto sa merkado • *Country of Manufacture* • *Manufacturing and/or Expiration Date* • *Batch/Lot number*

Para sa mga *food products*, i-check ang lalagyan at selyo. Ang *packaging* nito ang nagsisilbing proteksyon sa kaligtasan at kalidad ng produkto kaya naman ito ay dapat buo sa kabuuang *shelf life* na idineklara nito. Gayundin, i-check ang mga sumusunod:

- Ang mga pagkaing naka-lata ay hindi dapat nakayupi, nangangalawang, at nakaumbok
- Ang mga *soft packaging materials* tulad ng *plastics, foils,* at *aluminium wraps* ay dapat walang punit at butas
- Ang mga *metal bottle caps* ay dapat walang kalawang
- Ang mga *glass bottles* ay dapat buo at walang basag

4. I-report sa FDA ang mga kahina-hinalang establisiyamento, gawain, pati na rin ang mga *unregistered food products* o *unnotified* na laruan at produktong kosmetiko Maaaring mag-report sa pamamagitan ng mga sumusunod:
   - FDA e-Report (http://www.fda.gov.ph/ereport)
   - Tumawag sa Center for Cosmetics Regulation and Research (CCRR) Hotline sa numerong (02) 857-1900 local 8113 o 8107 o kaya ay sa Center for Food Regulation and Research (CFRR) Hotline sa numerong (02) 857-1900 local 8112 o 8115.
   - Magpadala ng e-mail sa report@fda.gov.phor info@fda.gov.ph
   - Magpadala ng mensahe sa pamamagitan ng FDA Philippines Official Facebook (Food and Drug Administration Philippines), at Twitter account (@FDAPhilippines).

Para sa karagdagang impormasyon at mga katanungan, maaaring mag e-mail sa **info@fda.gov.ph**. Ang lahat ay hinihikayat na palaganapin ang mga nakasaad na impormasyon.

NELA CHARADE G. PUNO, RPh
Director General